



## Salig Bangsamoro



Ang Salig Bangsamoro ay ulat sa mga kumakalat na mga haka-haka at maling impormasyon patungkol sa COVID-19 sa Mindanao partikular sa BARMM. Ito ay hatid sa inyo ng Rooted in Trust project in Internews sa tulong ng USAID.



Ang mga nangibabaw na paksa ukol sa COVID-19 na aming nakolekta mula Setyembre hanggang sa unang bahagi ng Disyembre ay patungkol sa gobyerno – marami ang nagsasabing ang COVID-19 ay hindi totoo at pati ang mga healthcare workers ay nakwestyon. Ang iba pang tema na nangibabaw ay tungkol sa lunas, stigma, testing, mga **bakuna**, sintomas ng COVID-19, transmisyon, at ang epekto ng sakit sa komunidad. Mayroon 379 na haka-hakang nakolekta mula sa iba't ibang platporma kagaya ng Facebook, Twitter, at pakikipag usap sa komunidad mula noong Setyembre 4 hanggang Disyembre 16.

Karamihan sa mga “high-risk” na haka-haka na may malaking potensyal na makasama sa komunidad ay may kaugnayan sa mga bakuna. Nagkakaroon ng pagkalito ang mga tao sa kaibahan ng COVID-19 vaccine at ng mga nauna ng bakuna kagaya ng bakuna laban sa tigas. Mayroong nabubuonang paniniwala na ang mga bakuna ay nakamamatay. Marami rin ang nagpahayag ng kanilang takot para sa kanilang mga anak lalo pa’t kasalukuyang isinisagawa ng Department of Health ang “routine immunization campaign” laban sa polio at tigas.

Ang mga haka-haka sa bakuna ay nagsimulang dumami noong Nobyembre dahil sa mga naiulat na balita sa ibang bansa. Dagdag pa rito, ang paglawak ng usapin patungkol sa developments ng COVID-19 vaccine ay nagbunga ng maraming katanungan at pag-aalala sa komunidad.



## Ano ang sinasabi ng mga tao?

**"Ang bakuna ay magdudulot ng sakit at ito ay hindi ligtas para sa mga bata."**

- “Ang Measles-Rubella Supplemental Immunization Activity ng DOH ay may kaugnayan sa COVID- 19 vaccination. May ilang tao ang natatakot sa aktibidad na ito dahil ito raw ay magbibigay ng positibong resulta sa COVID-19.”  
(Municipality of Piagapo, Babae, 19-25 taong gulang)  
**Rumor risk level: High** Platform: Word of mouth, Social Listening
- “Ayokong pabakunahan ang anak ko dahil sa mga sabi-sabing magkakasakit lamang sila. Ayon sa narinig ko, ang injection o bakuna ay pahihinain lamang ang immune system nila.”  
(Municipality of Marantao, Babae, 36-45 taong gulang)  
**Rumor risk level: Medium** Platform: Word of mouth, Social Listening
- “Mas gugustuhin kong mamatay kaysa mabakunahan. Ang bakuna ay magdudulot lamang ng pang-habang-buhay na sakit at magresulta rin sa pagka-baog.”  
(Female, 36-45 years old)  
**Rumor risk level: High** Platform: Facebook Reactions: 16  
Comments: 2 Shares: 20 Followers: 2,434

**ALAM MO BA?**

Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng Internews sa BARMM, mayroon 71% ng mga mamamayan na nakarinig ng mga haka-haka na huwag magpabakuna. Dagdag rito, 66% naman ang nangangailangan ng karagdagang impormasyon patungkol sa lunas at bakuna sa COVID-19. Isang survey din ang nag-ulat na halos kalahati ng mga Filipino ay nagsabing hindi sila magpapabakuna laban sa COVID-19 – ang Mindanao ay pumangalawa sa datos na ito.



# Mga Kasagutan

Naipapakita ng mga pahayag na ito ang pag-aalala at pagdududa ng mga tao patungkol sa kaligtasan ng bakuna laban sa COVID-19. Marami ang hindi gustong mabakunahan dahil sa tingin nila ito ay makakasama sa kanilang kalusugan.

Ang mga concern na ito ay mayroon ding negatibong epekto sa kanilang pananaw laban sa iba pang bakuna, na matagal nang napatunayang ligtas at mabisa. Kapag ito ay nagpatuloy at hindi agad naaksyunan, maaaring magkaroon ng paglaganap ng mga sakit na dapat sana'y naagapan ng bakuna. Ayon sa World Health Organization (WHO), ang bakuna ay masasabi na isang interbensyong medikal na sulit at pinaka nakakasagip ng marami. Ito ay isang biological na produkto na binibigay sa isang malusog na tao para maiwasan ang mga nakamamatay na sakit.

Kasaysayan na ang makapagpapatunay sa mahalagang papel ng mga bakuna sa pag-kontrol at pagpuksa ng ilan sa mga nakakamamatay na mga sakit kagaya ng smallpox, polio, tigdás, tuberculosis, atbp. Noong 1976, inilunsad ang expanded program on immunization sa Pilipinas upang masiguro na ang mga bata at ang mga nanay ay magkaroon ng libreng bakuna laban sa mga sumusunod na sakit: tuberculosis, diphtheria, tetanus, pertussis, poliomyelitis, tigdás, at rubella. Makalipas ang tatlumpu't limang taon (35), ang mga sakit na mumps, hepatitis B, at influenza type B ay naisama na sa listahan ng mga bakunang maaaring makuha nang libre.

## Mga naidlat na side effects na maaaring maranasan mula sa mga COVID-19 vaccine:

- Pagkirot sa bahagi ng katawan kung saan naineksyunan.
- Mabilis na pagkapagod.
- Sakit ng ulo.
- Pananakit ng katawan.
- Panginginginig.
- Pananakit ng kasukasuan
- Lagnat (na maaring tumagal ng 1 hanggang 2 araw)



Para sa mga bata, walang ebidensya sa kasalukuyan na makakapagpapatunay na magkaroon ng COVID-19 ang mga batang mababakunahan laban sa mga sakit na naitala sa itaas.

Inirerekomenda ng WHO na ipagpatuloy ang paglahok sa 'routine vaccination campaigns' ng Department of Health at ng inyong mga lokal na health center upang maiwasan ang mga outbreak. Sa ganitong pamamaraan, makakasiguro tayong ligtas ang ating mga anak at ang ating komunidad laban sa mga vaccine-preventable diseases.

## **Ano ang ating dapat asahan pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19?**

Ang mga bakuna ay dumadaan sa mabusising pag-aaral at clinical trials bago ito ibigay sa publiko. At kahit ito ay maaprubahan, patuloy ang pagmomonitor na isinasagawa upang makita at matugunan ang ano mang masamang reaksiyon o 'side effect'. Ang mga 'side effect' ay pangkaraniwang hararanasan pagkatapos mabakunahan. Kadalasan, ito ay hindi malala at kusang nawawala.

Sa mga pagkakataong magkaroon ng 'allergic reaction' ang katawan, mayroong sistema ang mga ospital upang ito ay agarang matugunan.

Binibigyang diin ng WHO na mas mapanganib pa rin ang magkaroon ng mga sakit na maaaring maiwasan kung magpapabakuna o tinatawag na 'vaccine-preventable diseases' kaysa sa peligro ng pagkaroon ng matinding 'side effect' laban sa mga bakuna. Kapag ikaw ay nagpabakuna, hindi lamang ang iyong sarili ang iyong pinapabuti. Ito ay isang hakbang din para makakatulong ka sa iyong bayan. Tandaan, ang malusog na mamamayan ay katumbas ng isang malusog na lipunan.

**ANG PAG-TANGGI SA BAKUNA AY KATUMBAS NG PAG-PAYAG SA KARAMDAMAN. MAGPABUKANA NA!**

Para sa mga karagdagang impormasyon, tumutok lamang sa mga sumusunod:



**SINDAW RANAW**  
The Coalition of Moro Youth Movement  
FB: CMYM Online News



**S'BANG KA MARAWI**  
FB live: Monday to Friday  
6:30 – 7:30 PM



**SALIG BANGSARADIO**  
Soundcloud  
Spotify



# COVID-19 Vaccine: Nasaan na ang Pilipinas?

Sa kasalukuyan, nais ng gobyerno na mabakunahan ang 60-70% na mga Filipino upang makamit ang herd immunity – ito ay isang ‘phenomenon’ kung saan magdudulot ng ‘immunity’ o kaligtasan sa mas nakakarami kapag nabakunahan ang ilang porsyento ng mga mamamayan sa bansa. Prayoridad na mabakunahan ay ang ating mga frontliner – health workers, government workers, mga matatanda, mga mahihirap, mga pulis, at militar.

## MAS MARAMING VACCINE COMPANIES, MAS MATAAS NA TYANSA NA MAABOT ANG TARGET.

Ang Pilipinas ay kasalukuyang nakikipag-usap sa iba't-ibang vaccine companies – Novavax, AstraZeneca, Pfizer, Johnson & Johnson, Sinovac, and Gamaleya upang makakuha ng higit kumulang 50-60 million doses. Ayon sa Food and Drug Administration (FDA), ang bansa ay maaaring makakuha ng 100 million doses kung maging matagumpay ang mga ginagawang negosasyon.

## TRIPARTITE DEAL.

2.6 milyong dose ng COVID-19 vaccine mula sa AstraZeneca ng United Kingdom ang nauna nang nakuha ng gobyerno kasama ang pribadong sektor. Ito ay inaasahang darating sa Pilipinas sa Mayo o Hunyo ng 2021. Kalahati nito ay mapupunta sa gobyerno, samantalang ang kalahati naman ay gagamitin ng pribadong sektor.

## EMERGENCY USE.

Una ng nabigyan ng aprubadong emergency use authorization (EUA) Pfizer ng FDA – ibig sabihin maaari nang maipamahagi ang nasabing bakuna sa bansa. Ang EUA ay isang ‘authorization’ na ibinibigay sa mga bakunang hindi pa rehistrado sa panahon ng isang ‘public health emergency’ kagaya ng COVID-19. Hinihintay na lamang na magkaroon ng kasunduan ang gobyerno at ang Pfizer upang makakuha na ng suplay ng Pfizer vaccines. Dagdag dito, and AstraZeneca at Sinovac ay nag-apply na rin ng EUA sa FDA. Inaasahang lalabas ang aprubadong EUA ng AstraZeneca 3-4 na lingo mula noong Enero 6.

May ilang local government units na rin ang nag-anunsyo at nag-laan ng budget upang makabili at makapagpamahagi ng libreng bakuna laban sa COVID-19. Ang Bangsamoro Government ay naglaan na ng P500 milyon upang makabili ng bakuna, samantalang mayroon namang P200 milyon ang Zamboanga City. Ang mas detalyadong plano para sapamahagi at alokasyon ay ilalabas pa lamang ng national government at ng mga local government units.

## The National COVID-19 Vaccine Roadmap




Habang tayo ay naghihintay na mabakunahan laban sa COVID-19, huwag nating kalimutang:



**Maghugas ng kamay**



**Magsuot ng mask**



**Dumistansya ng hindi bababa sa 1 Metro**



**Umiwas sa mga matataong lugar**



We welcome your feedback, questions, and suggestions to help local media produce reliable and accurate reporting on COVID-19. Please contact: Kia Obang, Data Analyst (kobang@internews.org) or Paola Mikaela Alpay, Information Manager (palpay@internews.org)